Pundasyon Pampubliko Pandaigdig na Asosasyon sa Kawasaki

KIAN Kumusta Kawasaki

Nakalathala sa wikang Hapon, Ingles, Chinese, Koriya/Tsosen, Espanyol, Portugis, Filipino, Biyetnamis,Taylandis, Indonisya, Nepalis at sa Madaling-Hapon

Makikita rin sa website ng Asosasyon. https://www.kian.or.jp/hlkwsk.html

〒211-0033 2-2 Kizuki Gioncho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa Pref.

Tel:044-435-7000 Fax:044-435-7010 https://www.kian.or.jp/ E-mail：kiankawasaki@kian.or.jp

****

Pre-school para sa anak at magulang na dayuhan.

Libre

Para sa mga magulang na may anak na papasok sa elementarya ng Japan, ang mga sumusunod na lokasyon,ay gaganapin ang oryentasyon sa pagbibigay ng malinaw na paliwanag tungkol sa sistema ng paaralang elementarya at mga paghahanda sa pagpapatala

Sa QR-code ang reserbasyon

Iskedyul ng Pre-school	Lugar	Malapit na istasyon
Enero 24 (Sab) 9:30am-11:30am Enero 24 (Sab) 1:30pm-3:30pm	Sentrong Pandaigdig sa Kawasaki	Tokyu Toyoko line/Meguro line Motosumiyoshi Sta,10min.lakad
※Mamamahagi ng mga used na school supplies gaya ng randsel ”sa araw ng event”		
Pebrero 28 (Sab) 10am-11:30am	Asao Ward	Odakyu line ”Shinyurigaoka sta.” 2 min.lakad mula sa North exit
Marso 7 (Sab) 10am-11:30am Marso 7 (Sab) 1:30pm-3:00pm	Educ.& Civic Hall (Kawasaki ward）	JR/Keikyu line Kawasaki sta.14 min.na lakad
Marso 8 (Linggo) 10am-11:30am Marso 8 (Linggo) 1:30pm-3:00pm	Takatsu Civic Hall	JR Nambu line ”Musashi Mizonokuchi Sta.” North exit, 2 min.lakad

※ Ang tanggapan ng aplikasyon ay simula Nob.1, huling patala ay 9 na araw bago sumapit ang takdang- araw sa Pre-school na nais salihan.

Katanungan：044-200-3758 (Kawasaki City Board of Educ.) Mail：soudan39@kian.or.jp (KIAN)

****

Ika-31,Nihonggo speech contest para sa mga mamayang dayuhan

Nangangailangan ng lalahok!

Sa mga naninirahan, nag-aaral, nagtatrabaho o kaya’y kasalukuyang nag-aaral ng Nihonggo sa Kawasaki, nais mo bang Sumali sa Speech Contest?

Kwalipikasyon; Dumating sa Japan ng wala pang 5 taon、malaya sa Tema/5 min.sa 1 tao.

Petsa：**Pebrero 7**, **2026 (Sab) 1:00pm-4:30pm**

Lugar：Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Panahon ng aplikasyon：Nov 4, 2025 (Martes) -12 月 11 日 (Huwebes)

Katanungan: Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki (Tel.No.044-435-7000)

QR ng aplikasyon

****

Ika-20 Mini-exchange event “Mag-enjoy sa palitan ng kultura sa pamamagitan ng pagsayaw ng Hula dance”

Libre entrance

Ito ay mini-exchange event kung saan ang mga miyembro ng organisasyon ng ”Kawasaki Int’l. Exchange Association” ay makikipag-ugnayan sa mga kalahok at magpapasigla sa aktibidad. Sa pagkakataong ito, ang “LINOHANA”, grupong nakabase sa Lungsod ng Kawasaki na mahilig sa Hula-Dancing ang magpe-perform ng French Hula, mayroon ding Huladance experience corner, kaya tayo na at sumabay sa palitang Kultura!

Hindi kailangan ng rehistrasyon.

Kailan: **Ika-6 ng Disyembre（Sab）2:00pm-4:00pm (Magbubukas ng 1:30pm)** Kinatawan: Mr.Kiyono Nohashi

Saan: Hall ng Sentrong Pandaigdig ng Kawasakii Katanungan：yukino.hula.studio@gmail.com

Medical Emergency information Center

Biglaang pagkakasakit sa pista opisyal sa bagong taon, huwag magtiis, magpatingin agad!

Gagabayan ka namin sa mga institusyong medikal sa lungsod na bukas 24oras 365 na araw, Mayroong mga bukas na institusyong medikal na maaring magpadoktor. Sa kaso ng emergency o biglaang pagkakasakit, tumawag ng ambulansiya. Idial ang ☎**119**.

Kawasaki City Emergency Medical informationCenter ☎ 044-739-1919

Kanagawa Emergency Consultation Center 👉**#7119** ：24oras 365 araw maaring kumonsulta.

Ang mga impormasyon sa emergency institusyon na maaring puntahan sa pista opisyal ng Bagong taon **(Dec. 30 - Enero 3) ay makikita sa website ng Kawasaki, Paki-tsek sa website.**

Sa mga hindi naman emergency at problema ang transportasyon,mangyaring gumamit ng taksi o pribadong ambulansya. Bilang karagdagan, may mga impormasyon sa dentista, konsultasyong medikal. Walang konsultasyon sa pagpapa-eksamin ng COVID-19.

Website

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang opisyal na website ng syudad ng Kawasaki.
https://www.city.kawasaki.jp/350/page/0000017115.html

****

Tungkol sa Pagkolekta ng Basura sa panahon ng pista opisyal

Ang mga araw ng pangongolekta ng basura ay naiiba sa normalsa panahon ng Bagong-taon.
Mangyaring suriin ng maaga ang araw ng koleksyon ng basura sa inyong lugar.

- ◆ Ang pagkolekta ng regular na basura at recyclable ay hanggang **Dec. 31（Miyerkules）**
- ◆ Sa 2026, ang pangongolekta ay gagawin sa regular na araw ng koleksyon sa Enero 5（Lunes）
- ◆ Sa malaking basura*(sodai-gomi)*：ay kailangan ng paunang aplikasyon.
  Mangyaring mag-apply ng hindi bababa sa 3 araw bago ang nais na petsa ng pangongolekta.
  ※Dec. 31 – Enero 3, hindi kasama ang Sabado, Linggo at pista opisyal.

QR sa pag-apply ng pagkolekta

〈**Paraan ng pag-apply**〉**Internet**：Website ng Lungsod ng Kawasaki (Kailangan ang parehistro sa baguhan)
Tel：Sodai-gomi Call Center 044-930-5300 o 0570-044-530 (oras: 8:00am - 4:45pm)

****

Konsultasyong Pangdayuhan sa Sentrong Pandaigdig ng Kawasaki

Huwag mag-atubiling lumapit kung may problema sa paninirahan sa Japan at kung may nais itanong. (Libre)

MAARI DING KUMONSULTA SA ZOOM ONLINE！

Telepono ０４４-４５５-８８１１ Oras ng konsultasyon ９:００**am**-５:００**pm**

※Sarado sa Linggo • bakasyon ng pasilidad (3 beses sa 1 taon) at 12/29 - 1/3

Maaring kumonsulta kahit wala ang tagapayo sa hangad na wika (Gagamit ng triophone interpreter)

Wika	Araw	Paraan ng pagtanggap
Madaling-hapon, Ingles, Chinese Portugis, Espanyol, Filipino, Nepalis Koriya, Taylandes, Bietnamis	Lunes - Sabado	Wikang may tagapayo (Paalala)Depende sa araw, may pagkakataon na wala ang tagapayo. Gagamit ng triophone interpreter sa konsultasyon
Indonisya	Lunes - Biyernes	
Hindi, Pranses, Russian, Malay, Burmese	Lunes - Biyernes	Maaring kumonsulta sa pamamagitan ng triophone interpreter

Website ng online reservation

Website ng KIAN

Libreng Pakonsultahan sa Administrative Scrivener.

Maraming hanay na paksang maaaring ikonsulta ngunit pangunahin ay ang aplikasyon sa iba't-ibang mga permiso sa pagkuha ng mana, ng visa , mga pamamaraan ng pagtatag ng kompanya, paggawa ng kontrata o paggawa kasulatan ng pamana at marami pang iba.

Tuwing ika-3 Linggo ng buwan • Ang konsulta ay sa nihonggo ngunit maaring pareserba ng interpreter (may bayad)

Disyembre 21 (Linggo), Enero 18, 2026 (Linggo) 2:00pm - 4:00pm (2F Center meeting room)